cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral sa Pagbasa ng Akdang Pampanitikan

Glynes D. Aliba[1]; Celia C. Bullod[2]; Mercy Grace B. Dagman[3]; Mariane G. Mucat[4]; Sarah Joy L. Salbino[5]; Aileen L. Sipi-an[6]; Maria Lourdes G. Eguia[7]

Graduate School, Baguio Central University, Baguio City 2600
Cordillera Administrative Region, Philippines
2232457@bsu.edu.ph; 218s1094@bcu.edu.ph; mercygracedagman@gmail.com; marianmucat@gmail.com; salbinojhoy07@gmail.com; 2232519@bcu.edu.ph; marialourdesgeguia@gmail.com
Correspondence: perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.014

Abstrak: ***Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masukat at malaman ang antas ng pag-unawa sa bokabularyo ng mga mag-aaral ng ikasiyam na baitang ng Laurencio Fianza National High School, taong panuruan 20242025. Ang mga tagatugon ay binubuo ng tatlumpo (30) na mga mag-aaral mula sa isang seksiyon sa Grade 9. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang talatanungan para sa kinakailangang datos at ito ay sinuri batay sa kinalabasan ng pag-aaral gamit ang Deskriptibong Pamamaraan, Quasi-experimental, Pre-test at Post-Test, Instrumentong Istadistika, Pag-aanalisa at Interpretasyon ng Datos. Ang sumunod ay ang kinalabasan ng pag-aaral ay Lubhang Kasiya-siya ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago basahin ang mga akdang pampanitikan; Mahusay ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang mga akdang pampanitikan; Makabuluhan ang pagkakaiba sa antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ang naging konklusyon: Ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago basahin ang akdang pampanitikan ay Lubhang Kasiya-siya na nangangahulugang may mas mataas na pag-unawa ang mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kanilang pag-unawa; Ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan ay Mahusay na nangangahulugang mas tumaas pa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bokabularyo at nakatulong ang panitikan sa pagbibigay kahulugan at may kakayahan unawain ang mga salita mula sa teksto sa tulong ng contextual clue; Ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan ay may kabuluhan dahil nakatutulong ang pagbasa ng akdang pampanitikan at contextual clue sa paglinang ng antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral.***

Susing Salita: ***akdang pampanitikan, post-test, pre-test, pagbasa, bokabularyo***

I. INTRODUKSYON

Malaking bahagi ang panitikan sa pag-unlad ng kultura at ng sibilisasyon. Gamit ang wika ay maipapahayag ang mga akda o likha ng mga tao na ang mga nakapaloob ay ang kanilang isipan, damdamin, at karanasan. Ayon kina Dagman et.al. (2021) sa pagbanggit ni Duque (2001), ang isang mahusay at makabuluhang panitikan ay hindi basta na lamang maisasantabi kundi ito ay maituturing na hiyas ng isang bansa at marapat bigyan ng kaukulang pagpapahalaga upang higit na yumabong at umunlad. Ayon kina Dagman et.al. (2021) inilahad din ni Villafuerte (2000), na

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mahalagang pag-aralan ang panitikan upang matuklasan ang sariling kalinangang maipagmamalaki. Mapahahalagahan din ang wika, sining, at halagang pantao.

Ayon kina Dagman, et. al. (2021) sa pagbanggit nina Panganiban, et.al. (1982) sa pagbanggit, may mga mahahalagang dahilan kung bakit pinag-aaralan ang panitikan. Una, upang makilala ang sariling kalinangan. Ikalawa, upang matalos na katulad ng ibang lahi, ang Pilipino ay mayroon ding dakila at marangal na tradisyong ginagamit na puhunan salalayan sa panghihiram ng mga bagong kalinangan at kabihasnan. Ikatlo, upang matanto ang mga kapintasan sa panitikan at makapagsanay upang mailagan at mapawi ang mga ito. Ikaapat, upang makilala ang mga kagalingang pampanitikan at lalong madalisay, mapayabong at mapaningning ang mga kagalingang ito. Ikalima, ito ay higit sa lahat sapagkat tayo ay mga Pilipino at dapat maging katutubo sa atin ang magkaroon ng pagmamalasakit sa ating sariling Panitikang Filipino.

Dagdag pa, upang maisakatuparan ang masuri ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay kinakailangang marunong bumasa. Binigyang-diin nina Aclinen, et. al. (2023), ang pagbasa ay isang gawain na kinikilala, binibigyang kahulugan, at pagtaya ng mga ideya sa makalimbag na simbolo. Ito ay isang mabisang paraan upang linangin ng isang tao ang kanyang kasanayan sa pag-unawa ng teksto maging sa mga kahulugan ng mga malalalim na salita. May mga dahilan kung bakit ang pagbasa ay isang mahalaga upang mas maging marunong sa buhay. Ang pagbabasa ay mas napag-iibayo ang imahinasyon at sa pamamagitan ng imahinasyon, maari mong maranasan ang mga hindi mo pa naranasan. Mas lumalawak ang iyong pananaw sa buhay. Ang taong palabasa ay nadaragdagan ang kanyang kaalaman, lumalawak ang talasalitaan o bokabularyo at mga karanasan.

Ang panitikan ang magsisilbing tanglaw na mahasa ang kaisipan ng mga mambabasa at mas mapalalim ang pag-unawa sa mga malalalim na salitang nakapaloob sa akda o panitikan. Ang pagbasa ng panitikan ay hindi lamang nakapokus sa proseso ng pagkuha ng kahulugan ngunit kasangkot din pagbuo ng kahulugan. Sa pagbasa ng isang akda, lumilikha ang isang mambabasa ng isang daigdig na bunga ng dalawang imahinasyon- ang imahinasyon ng mambabasa at may akda. Karagdagan, nagdadagdagan ang mga talasalitaan ng mga mambabasa. At makapagbibigay ng kaalaman at maibahagi upang mas maunawaan ang nabasang akdang panitikan.

Ang bokabularyo ay ang pangkat ng mga salita na nasa loob ng isang wika na pamilyar sa isang tao. Ang talasalitaan ay karaniwang umuunlad na kaalinsabay ng edad, at nagsisilbing gamitin at pundamental na kasangkapan para sa komunikasyon at pagkakamit ng kaalaman at pagkatuto ng isang pangalawang wika. Ayon kay Ayala (2013) na binanggit ni Bernales (2001), mahalaga sa tao ang may malawak na bokabularyo o talasalitaan.

Ito kasi ang nagbibigay sa kanya ng sandata upang mabigyan ng tamang pagpapakahulugan ang mga salitang kanyang naririnig at nababasa. Sa pagbanggit nina Palma et.al. (2019), nagkaroon ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon ang Pilipinas. Ayon sa K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016, ipinatupad ng pamahalaan sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon ang programang K to 12 na ang pangkalahatang layunin sa kurikulum ng programang ito ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapakipakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo o mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Bilang dagdag, isinasaad sa pamantayang pangnilalaman sa ikapitong baitang, na dapat naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang panitikan sa Luzon, Kabisayaan at Mindanao.

Ang Matatag na Kurikulum ng K to 12 naman ay nakatuon sa paglinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapakipakinabang na literasi na nagamit sa kanyang pang-araw-araw na gawain at danas na magiging daan upang maging *globally competetive* at handa sa hinaharap *future ready*. Ang Filipino ay isa sa pundamental na asignatura na naglilinang ng literasi, kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-unawa sa iba't ibang uri ng teksto, at pagbuo ng multimodal na may lubos na pagpapahalaga sa wikang Filipino at ibang wika sa bansa, kultura, at mga teksto o mga babasahin na magiging daan sa kanyang pagkatuto at paglinang ng ika-21 siglong kasanayan para sa kapaki-pakinabang na pagganap bilang makabansa at global na mamamayan.

Sa paghahangad ng mabisang komunikasyon, mapalalawak din ang bokabularyo. Ang layunin ng pagaaral na ito ay masuri at masukat ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa ng akdang pampanitikan. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pananaliksik na ito makapagsusuri at makapapayabong ng antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral ukol sa mga nabasang panitikan. Ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay magiging gabay sa mga iba't ibang mga larangan, sa mga guro at higit sa mga mag-aaral. Ayon kina Nagy, et.al (2012), isa sa mahahalagang aralin na kinakailangang bigyan pansin ng mga guro ay ang bokabularyong pang-akademiko: ang kakulangan sa bokabularyong pang-akademiko ay malaking hadlang sa tagumpay ng mag-aaral.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin at suriin ang paggamit ng akdang pampanitikan sa paglinang ng pag-unawa at pagbibigay kahulugan sa mga bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga resulta nito ay mayroong implikasyon sa mga iba't ibang mga kaugnay at kasapi sa pagpapatupad ng edukasyon. Maaring gamitin ng mga institusyon sa edukasyon ang mga resulta ng pananaliksik. Maaaring mabigyan ng ideya at karunungan ang mga gumagawa ng kurikulum at polisiya ng institusyon sa pagsama ng mga akdang pampanitikan sa pagunawa at pagbibigay kahulugan sa mga bokabularyo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan, ang pag-aaral na ito ay nais makatulong sa kapwa guro upang mas mapalawak pa ang pagunawa ng mga mag-aaral sa mga nabasang teksto o panitikan gaya ng mga maikling kwento, sanaysay at tula. Sa pamamagitan din ng pananaliksik ay maaaring malaman kung akma ang paggamit ng bokabularyo sa pagtuturo ng mga mag-aaral upang maunawaan ang binabasa.

Maaari itong maging isang mahusay na kasangkapan upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbibigay kahulugan sa mga salita gamit ang nabasang mga akdang pampanitikan.

II. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong pananaliksik, kwantitatibo, at ang disenyong quasi-eksperimental sa pangangasiwa ng *pre-test* at *post-test,* pag-aanalisa at interpretasyon sa kasanayan sa pagganap sa pagbibigay kahulugan ng mga salita upang makakalap ng mga impormasyon na kinakailangan. Ayon kay Green (2001) ang pananaliksik ay deskriptibo kung ito ay naghahanap ng mga karagdagang impormasyon upang patatagin at sang-ayunan ang tanggap at matatag na katotohanan. Ang deskriptibong pananaliksik ay disenyong pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay sa paksa ng pananaliksik. (Bernales, 2010).

Ang Eksperimentong *Quasi* kung saan ang *Pre-test/Post-test* ay ginamit na pamantayan para makalikom ng mga datos. Ang mga mananaliksik ay naniniwala na angkop ang disenyong ito upang mapadali ang pangangalap ng datos sa mga tagatugon. Sa *pre-test* at *post-test* ay ginamit ng mga mananaliksik ang konotasyon na pamamaraan sa pagbibigay ng kahulugan, ginamit ang pamantayan bilang batayan sa pagtataya ng pagkaunawa at wastong pagbibigay ng kahulugan sa mga salita.

Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng isa (1) sa *pre-test* at isa (1) sa *post-test* mula sa seleksyon na mabibigyan ng kahulugan ng mga mag-aaral. Ginamit ang konotasyon sa pagbibigay kahulugan sa mga salita sa *pre-test* at sa *post-test* batay sa nabasang panitikan.

Ang mga mananaliksik ay kumuha ng liham mula sa dekano ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University at naisagawa ang pag-aaral at naibigay ang liham pahintulot sa punong-guro ng Laurencio Fianza National High School. Sa *pre-test*, nabigyang kahulugan ng mga tagatugon ang mga nasalungguhitang salita batay sa pangungusap. Sa *post-test,* binasa ng mga tagatugon ang mga akdang pampanitikan at nabigyang kahulugan ang mga nasalungguhitang salita batay sa nabasa.

Ang mga datos ay nalikom, naitala at napag-aralan nang masusi at masusuri ayon sa kinalabasan ng istatistika na susuriin at maipapakita sa isang tabular na porma. Ang kabuoang deskriptibong hakbang ang ginamit sa pagtrato ng mga datos. Natukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng pagbibigay ng kahulugan sa paraang konotasyon ng mga mag-aaral, ang *t-test* (Subong, 2006) ang ginamit na pormula upang matukoy kung makabuluhan ang antas ng pagbibigay ng kahulugan gamit ang konotasyon sa pamamagitan ng akdang pampanitikan.

Iskor	Katumbas na pagpapaliwanag	Simbolo
24-30	Mahusay *(Excellent)*	M
18-23	Lubhang Kasiya-siya *(Very Satisfactory)*	LKs
12-17	Kasiya-siya *(Satisfactory)*	Ks
6-11	Patas *(Fair)*	P
0-5	Nangangailangan ng Pagpapabuti *(Needs Improvement)*	NP

Mula sa manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino

Bago ang pagpapamudmod at pamamahala ng mga pagsusulit sa mga tagatugon, hiningi muna ng mga mananaliksik ang pahintulot sa punong guro ng paaralan. Ang mga direksyon para sa pagsusulit ay ipinaliwanag gamit ang mga panuto bago ito

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

isinagawa. Ang mga sagot ay iniwasto at binagyan ng interpretasyon ang mga iskor batay sa kinalabasan ng nakalap na datos mula sa mga tagatugon.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa at tiniyak ng mga mananaliksik na mabigyan ng pansin ang mga sumusunod na etikal na konsiderasyon sa pagsaalang-alang sa isinagawang pananaliksik:

Una, tiniyak ng mga mananaliksik na nakuha ang liham pahintulot sa mga kinauukulan ng paaaralang pinagmulan ng mga tagatugon ng pananaliksik. Ang mga pagsusulit ay sinigurong may kalakip na liham na ibibigay sa mga tagtugon na nagpahayag ng mga sumusunod: 1) ang pagkakakilanlan ng mga tagatugon ay hindi ibubunyag bilang pagsunod sa mga probisyon ng *Data Privacy Law;* 2) lahat ng mga impormasyon at datos mula sa mga tagatugon ay dapat panatilihing mahig-pit na kumpidensyal; 3) ang pagsagot ng mga tagatugon sa mga pagsusulit, ibig sabihin ay sumasang-ayon silang maging bahagi ng pananaliksik bilang mga tagatugon; 4)ang mga tagatugon sa pagsusulit ay ipinakita sa pinagsama-samang anyo at hindi bilang mga indibidwal na pananaw, at 5) ang pananaliksik na isinagawa ay pangunahin para sa akademikong pangangailangan lamang.

Ipinahayag ng mga mananaliksik na ang lahat ng kagamitan o mga tuklas na hiniram mula sa iba pang mga mapagkuhanan at kasama sa tesis ay maayos na binanggit at kinilala.

III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

A. Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Bago Basahin ang Akdang Pampanitikan

Nailahad sa Talahanayan 1 ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago basahin ang mga akdang pampanitikan. Ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral bago basahin ang mga akdang pampanitikan ay may kabuoang mean score na 19.83 na may katumbas na pagpapaliwanag na Lubhang Kasiya-siya. Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago basahin ang akdang pampanitikan ay hindi tanggap. Kailangan ng mag-aaral na magkaroon ng malawak na talasalitaan para maging mahusay na mambabasa. Mas maraming alam na salita ay mas makakabuti sa kanya sapagkat malaki ang tsansa na maunawaan niya kung ano ang kanyang binabasa.

Talahanayan 1
Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-Aaral Bago Basahin ang Akdang Pampanitikan (N=30)

Bilang ng Mag-aaral	**Iskor sa *Pre-test***	**Simbolo**
1	16	Ks
2	17	Ks
3	16	Ks
4	21	LKs
5	13	Ks
6	18	LKs
7	17	Ks
8	22	LKs
9	18	LKs
10	11	P
11	15	Ks
12	26	M
13	16	Ks
14	24	M
15	28	M
16	22	LKs
17	22	LKs

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

18	21	LKs
19	25	M
20	19	LKs
21	23	LKs
22	18	LKs
23	21	LKs
24	24	M
25	15	Ks
26	24	M
27	21	LKs
28	19	LKs
29	24	M
30	19	LKs
	Mean Score: 19.83	LKs

Legend:

Iskor	**Katumbas na Pagpapaliwanag**	**Simbolo**
24 – 30	Mahusay *(Excellent)*	M
18 – 23	Lubhang Kasiya-siya *(Very Satisfactory)*	LKs
12– 17	Kasiya-siya *(Satisfactory)*	Ks
6 – 11	Patas *(Fair)*	P
0 – 5	Nangangailangan ng Pagpapabuti *(Needs Improvement)*	NP

Mula sa Manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino (2014)

Ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral bago basahin ang mga akdang pampanitikan ay may kabuoang *mean score* na 19.83 na may katumbas na pagpapaliwanag na Lubhang Kasiya-siya. Sa pagpapatibay, inilahad ni Pumahing (2023) sa pagbanggit ni Imam et. al (2016) ang mga kahinaan ng mga mag-aaral kung bakit natatamo ang mababang literasi lebel sa pagbasa ang mga mag-aaral. Una, bokabularyong konteksto. Ikalawa, pagtatala ng mga importanteng detalye. Ikatlo, panghuhula at Ikaapat, paghihinuha tungkol sa binasa. Ibig sabihin nito na mas malilinang ang literasi at bokabularyo ng mga magaaral ay ang pagbasa ng mga teksto o mga akdang pampanitikan. Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay hindi tanggap sapagkat Lubhang Kasiya-siya ang naging resulta.

B. Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Pagkatapos Basahin ang Akdang Pampanitikan

Inilahad sa Talahanayan 2 ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan. Ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbibigay kahulugan sa mga salitang mula sa mga nabasang akdang pampanitikan ay may kabuoang 25 na may katumbas na Mahusay. Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral pagkatapos mabasa ang mga akdang pampanitikan na kasiya-siya ay hindi tanggap. Ayon kina Delos Santos et al. (2024), natuklasan na ang kakulangan sa pag-aaral *(study habits)*, mababang antas sa pag- unawa, at limitadong bokabularyo ang tatlong pangunahing salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinatunayan ito sa pananaliksik nina Gedik et. al (2022), kung matutugunan ang mga hamon sa pagbasa gaya ng motibasyon, pag-unawa, at bokabularyo ay uunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral kung matatamo nila ang katatasan sa pagbasa.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Talahanayan 2
Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral sa Pagbasa Pagkatapos Basahin ang Akdang Pampanitikan (N=30)

Bilang ng Mag-aaral	**Iskor sa *Post-test***	**Simbolo**
1	24	M
2	22	LKs
3	25	M
4	21	LKs
5	21	LKs
6	22	LKs
7	22	LKs
8	25	M
9	22	LKs
10	25	M
11	28	M
12	26	M
13	25	M
14	30	M
15	29	M
16	28	M
17	27	M
18	24	M
19	25	M
20	24	M
21	24	M
22	25	M
23	24	M
24	25	M
25	25	M
26	30	M
27	28	M
28	23	LKs
29	25	M
30	26	M
	Mean Score: 25	M

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Legend:

Iskor	Katumbas na pagpapaliwanag	Simbolo
24 – 30	Mahusay *(Excellent)*	M
18 – 23	Lubhang Kasiya-siya *(Very Satisfactory)*	LKs
12– 17	Kasiya-siya *(Satisfactory)*	Ks
6 – 11	Patas *(Fair)*	P
0 – 5	Nangangailangan ng Pagpapabuti *(Needs Improvement)*	NP

Mula sa Manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino (noong 2014)

Ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbibigay kahulugan sa mga salitang mula sa mga nabasang akdang pampanitikan ay may kabuoang 25 na may katumbas na Mahusay. Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral pagkatapos mabasa ang mga akdang pampanitikan na kasiya-siya ay hindi tanggap. Ang pagkatuto at pag-unawa sa binasang akda ay hindi lamang nalilimitahan sa pagsusuri, pagbibigay-hinuha, at pagpapakahulugan sa mga malalalim na salita at talinghaga, kung hindi kinakailangan na angkin din ng magaaral ang kultural na kamalayan upang makaugnay siya sa mga pangyayaring nakapaloob sa akda.

Ayon kina Delos Santos et al. (2024), natuklasan na ang kakulangan sa pag-aaral (study habits), mababang antas sa pag-unawa, at limitadong bokabularyo ang tatlong pangunahing salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinatunayan ito sa pananaliksik nina Gedik et. al (2022), kung matutugunan ang mga hamon sa pagbasa gaya ng motibasyon, pag-unawa, at bokabularyo ay uunlad ang kasanayan ng mga magaaral kung matatamo nila ang katatasan sa pagbasa.

Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay hindi tanggap sapagkat Mahusay ang naging resulta.

C. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Basahin ang mga Akdang Pampanitikan

Nailahad sa Talahanayan 3 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa *pre-test* bago mabasa ang mga akdang pampanitikan at sa *post-test* pagkatapos mabasa ang mga akdang pampanitikan sa sa pag-unawa at pagbibigay kahulugan ng mga salita. Ang *Mean Score* na 19.83 sa *pre-test* bago mabasa ang mga akdang pampanitikan ay may katumbas na pagpapaliwanag na Lubhang Kasiya-siya at sa *post-test* pagkatapos mabasa ang akdang pampanitikan sa pagbibigay kahulugan at pag-unawa sa bokabularyo ay may *Mean Score* na 25 ay may katumbas na Mahusay.

Talahanayan 3
Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-Aaral sa Pagbasa Bago at Pagkatapos Basahin ang Akdang Pampanitikan (N=30)

Bilang ng Mag-aaral	Puntos ng *Pre-test*	*Puntos ng Post-test*	Pakakaiba *(Difference)*	*Squared Differences*
1	16	24	8	64
2	17	22	5	25
3	16	25	9	81
4	21	21	0	0
5	13	21	8	64
6	18	22	4	16
7	17	22	5	25

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

8	22	25	3	9
9	18	22	4	16
10	11	25	14	196
11	15	28	13	169
12	26	26	0	0
13	16	25	9	81
14	24	30	6	36
15	28	29	1	1
16	22	28	6	36
17	22	27	5	25
18	21	24	3	9
19	25	25	0	0
20	19	24	5	25
21	23	24	1	1
22	18	25	7	49
23	21	24	3	9
24	24	25	1	1
25	15	25	10	100
26	24	30	6	36
27	21	28	7	49
28	19	23	4	16
29	24	25	1	1
30	19	26	7	49
	M=19.83	M=25.00	∑=155	∑=1189
			Mean= 5.17	

tcomp= 4.46
tdf29; 0.05= 1.69

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Desisyon: Tanggap

Sa kabuoan ng pag-aaral na ito ay mas mataas ang *mean* mula sa 19.83 sa *pre-test* patungong 25.00 sa *post-test* ay nagpapakita na nagkaroon ng pagbabago sa antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa bago at pagkatapos sa pagbabasa ng mga akdang panitikan. Ang *computed T* ay 4.46 ay mas mataas kung ihambing sa kritikal *value* ng *tdf29;0.05=1.69*. Ibig sabihin na may pagkakaiba ang kahalagahan sa pagganap ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test.* Ayon kay Pumahing (2023) sa pagbanggit ni Hebert (2019) Inisa-isa ang sampung dahilan kung bakit kailangang araw-araw na ginagawa ang pagbasa. Una, ito ay nakatutulong sa mental na simulasyon. Ikalawa, nakababawas ng mga alalahanin. Ikatlo, nagbibigay kaalaman ang pagbabasa. Ikaapat, ito ay nagpapalawak sa kaalaman sa bokabularyo, Ikalima, sa tulong nito ito ay nakapagpapatalas ng memorya. Ikaanim, nagpapalakas din ito ng analitikal na kakayahan sa pag-iisip. Ikapito, nakatutulong ito upang magkaroon ng pokus at konsentrasyon ang isang tao. Ikawalo, pinagbubuti nito ang kakayahan sa pagsusulat. Ikasiyam, nagbibigay ito ng kapahingahan at kapayapaan sa mambabasa at Ika-sampu, nagdudulot ito ng libreng libangan sa mga taong nagbabasa. Batay sa mga magandang dulot ng pagbabasa, tunay nga na ang gawaing ito ay hindi lamang basta nakasanayang gawain bagkus nagbibigay ito ng maraming benepisyo sa tao na dapat na binibigyang diin sa paaralan upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na bumasa.

Ito ay nagpapahiwatig na ang pagbasa ng akdang pampanitikan ay epektibo at tanggap sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo sa pamamagitan ng pagbasa at pag-unawa ng panitikang pampanitikan. Ibig sabihin ang paggamit ng panitikan ay nakakadagdag ng kaalaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Pinapatibay ni Espinosa, et.al. (2024), pinagpapahiwatig na ang mababang kaalaman sa bokabularyo ay higit na nakaiimpluwensiya sa interes mayroon ang mag-aaral sa pagbabasa. Naapektuhan rin nito ang pamilyaridad sa akdang binabasa at ang kakayahang iugnay ang mga pangyayari sa akda sa totoong pangyayari sa buhay. Resulta nito ang pagbaba ng tiwala sa sarili ng mag-aaral na magbasa.

Ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo sa *pre-test* at sa *post-test* ay tanggap.

IV. KONKLUSYON

Batay sa mga kinalabasan ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo: Napatunayan sa pananaliksik na ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay nasa antas na lubhang kasiya-siya. Nangangahulugan ito na may mas matas na pag-unawa ng mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kanilang pag-unawa; Ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan ay nasa antas na mahusay na nangangahulugan mas tumaas pa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bokabularyo at nakatulong ang panitikan sa pagbibigay kahulugan at may kakayahan unawain ang mga salita mula sa teksto sa tulong ng *contextual clues;* Natuklasan sa pananaliksik na ito na may sapat na ebisdensiyang estadistika upang patunayan na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ang mga mag-aaral bago at pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan sa pagbibigay kahulugan ng bokabularyo sa *pre-test* at *post-test.* Nangangahulugan ito na makatutulong ang pagbasa ng akdang pampanitikan at contextual clue sa paglinang ng antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

PASASALAMAT

Ang mga mananaliksik ay ipinaaabot ang walang hanggang pasasalamat sa lahat ng mga naging bahagi ng pagaaral na ito: Una sa lahat sa ating Panginoong Maykapal sa pagbibigay ng karunungan, tibay ng loob at sa patuloy na pamamatnubay; Dr. Margarita Cecilda Bulaqueña- Rillera, Pangulo ng Baguio Central University sa kaniyang patuloy na pagganyak at nagsilbing inspirasyon sa mananaliksik sa kaniyang hinaharap; Dr. Genevieve C. Kupang, Dekana ng Paaralang Gradwado, sa kaniyang pagbibigay ng tagapayo at mungkahi sa mananaliksik; Dr. Perfecto M. Lopez sa kanyang pagbibigay ng mga mungkahi sa gawaing pananaliksik; Dr. Maria Lourdes G. Eguia, guro na matiyaga at walang kapagurang pagwawasto, paggabay, pag-unawa, pagbibigay ng panahon at pagtulong sa mga mananaliksik; Sa mga lupon ng tagasuri na pinangungunahan ni G. Eugene M. De Guzman at ang mga kasapi na sina Dr. Perfecto M. Lopez at Dr. Maria Lourdes G. Eguia lubos na pasasalamat sa mga tagubilin sa mga mananaliksik para sa ikauunlad ng pag-aaral na ito; G. Jaime B. Coligman, Punong-guro IV, Laurencio Fianza National High School, sa kanyang pagbibigay ng suportang moral at pahintulot na ipamudmod ang mga talatanungan; Sa mga tagatugon, sa pagbibigay ng suporta at paglalaan ng oras sa pagsagot ng mga ipapamudmod na talatanungan; Sa mga tagapangasiwa ng silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang walang sawang paghatid ng serbisyo dahil sa mga aklat at iba pang sanggunian na naging batayan sa pag-aaral na ito.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Jerilyn L. Doria *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 167-177
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

MGA SANGGUNIAN

1. Abesamis, Norma R. (2007) *Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik*, Valenzuela City, Mutya Publishing House Inc. p. 10.
2. Aclinen, Z.M. at Olesio, M. (2023). *Antas Ng Kasanayan Sa Pag-unawa Sa Pagbasa Ng Mga MagAaral Sa Grade 8*. Baguio Central University. Lungsod ng Baguio. DOI:10.47760/cognizance. 2023.v03i12.024
3. Akbari, Z. (2014). *The Role of Grammar in Second Language Reading Comprehension*: Iranian ESP Context. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 98, 122-126. http://dx.doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.03.397
4. Amcay, M. (2024). *Flip top Sa Paglinang Sa Makrong Kasanayan Sa Pagsasalita Ng Mga Magaaral*. Paaralang Gwadrado ng Baguio Central University, Lungsod ng Baguio.
5. Angel, D. J. R. (2019). *Kakayahan Sa Pagsusuri Ng Tula. President Ramon Magsaysay State University, Philippines.* American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) e-ISSN: 2378-703X Volume-03, Issue-09, pp-181-187. www.ajhssr.com
6. Anderson, R.C. et al. (1985). *Becoming a Nation of Readers: The Report of the Commission on Reading. Illinois Univ.,Urbana. Center for the Study of Reading.;* National Academy of Education, Washington, D.C.https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED253865.pdf
7. Arrogante, J. A., Golla, N. S., & Ballena, A. H. (2003). *Pinaunlad na Pagbasa at Pagsulat*. National Book Store.
8. Atanacio, et. al. (2009). *Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik.*
9. Avilado, J.V. (2023). Kabanata 6 *Pagpapalawak ng Talasalitaan.* https://www.scribd.com/document/623674648/Kabanaa-6-Pagpapalawak -Ng-Talasalitaan
10. Ayala, E.A. (2013).*Talasalitaan.*https://www.coursehero.com/file/210933314/Thesiskabanata15NEWdocx/
11. Bernales (2001) *Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.
12. Castillo, M.A. at Hernandez A.A., (Mayo 2024). Catch-Up Fridays: *Pagpapaunlad ng Lebel ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa ng mga Akdang Pampanitikan sa Filipino*. Bulacan State University, Balagtas, SDO Bulacan. https://doi.org/ 10.17613/x8g6-h231
13. Cassanova (2001). *Pagbasa at pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina.* Rex Bookstore, Inc. Dergisi, 9(1), 255-286.
14. Chua, U. C. (2023). *Profiling low-proficiency science students in the Philippines using machine learning. Humanities and Social Sciences Communications*, 10(1), 1-12
15. Coyne, M.D., Kamil, M.L., (2008); Loftus S.M (2013). *Effective Vocabulary Instruction for Kindergarten to 12th grade Students Experiencing Learning Disabilities* https:// councilforlearningdisabilities.org/wpcontent/uploads/ 201 3/11/Vocabulary-Word-2013.pdf
16. Dagman, M.G.B. at Esnara H.P. (2021). *Mga Kaugalian at Pagpapahalagang Nakapaloob sa mga Nakasulat na Katutubong Panitikan ng mga Ibaloy*. Benguet State University-Main, Probinsya ng Benguet.
17. DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019). *Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative)*.
18. https://www.deped.gov.ph/2019/11/22/november-22-2019-dm-173-s-2019-hamon-bawat-batabumabasa-3bs-initiative/
19. Delos Santos, Lea S. et al. 2024. *Mga salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa. American Journal of Humanities and Social Sciences Research.* Vol. 8-Issue 03. https://www.researchgate.net/publication/379833102_
20. Duque, R. A. (2001). *Panitikang iluko: Malusog na Binhi sa Tigang sa Lupa.* https://ejournals.ph/article.php?id =10603
21. Espinosa, I. B., & Calisang, C. P. (2024). *Hamon Ng Mag-Aaral Kaugnay Sa Pagkatuto At Pagpapahalaga Ng Panitikan Sa Filipino*. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(8), 767–792. https://doi.org/ 10.5281/zenodo.13310653
22. Fayo, B. (2015). *Epekto ng Multilinggwal sa Pagtuturo sa Pag-unawang Pampanitikan sa Filipino ng mga Mag-aaral Sekundarya*, Di-nalathalang Tesis sa Master ng Sining ng Pagtuturo sa Filipino, Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.
23. Ferrer, C. (2019, March). *Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral*. O., & Akyol, H. (2022).
24. *Reading Difficulty and Development of fluent reading Skills: an Action Research. International Journal of Progressive Education,* 18(1), 22–41. https://doi.org/10.29329/ijpe.2022.426.2
25. Green, J. (2001). *Descriptive Research.* htttps://www.google.com/search?q=green+2001+pananaliksik&oq=2001+panana&aqs=chrome.1.69i57j33i10i1601.9710j0j4&sourceid=chrome&ie=UTF-8
26. Hebert, L. W. (2019). *Analysis of 10 Benefits of Reading: Why You Should Read Every Day. K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016*. Nakuha sa https://tinyurl. com/y8ggp4lh.
27. Liwanag, Lydia P. (2005). *Reading Filipino Pedagogy. Ang Talasalitaan Kaugnay sa Pag-unawa ng Teksto*. Philippine Normal University: Manila

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

28. Miculob, A. R. (2020). *Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo ng Aralin*. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies Journal Print ISSN 2362- 9142. DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.154
29. Nagy, W., & Townsend, D. (2012). *"Direct instruction of academic vocabulary: What about real reading*" https://psycnet.apa.org/record/2012-17947
30. Nation, P. (2001). *Learning vocabulary in another language. Cambridge: Cambridge University Press Office of the National Education Commission (1999)*. National Education Act B.E. 2542, Office of the Prime Minister, Kingdom of Thailand.
31. Palma, J.U., at Tubo, T.T. (2019, Setyembre 22). *Komprehensyon Sa Mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perpormans Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino 7 ng Mahayag National High School*, San Miguel, Bohol. Unibersidad ng Bohol. https://doi.org/10.15631/aubgsps.v15i1.142
32. Panganiban, J. V., Matute, G. E., & Panganiban, C. T. (1992). *Panitikan ng Pilipinas: (sa Filipino at mga katutubong wikain)(Bagong edisyon.)*. Bede's Publishing House, Inc. https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP1685594773861589826 https://universityofbohol.edu.ph/journals/index.php?journal
33. Pumahing, J. T. (2024). *Kasanayang Pagbasa Sa Filipino Ng Mga Mag-aaral. Tocmo Integrated School, Itogon, Benguet.*Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 2273– 2286. https://doi.org/10.5281/zen odo. 12634530
34. Schmitt, N. (2000). *Vocabulary in language teaching.* New York:Cambridge University Press.
35. Subong, P (2006) *Statistics for Research*. Philippines, Manila: Rex Book Store. Inc.
36. Tanawan, (2004) *Padalubhasang Pagbasa at Pagsulat*, Manila: Mk Print.
37. Tumangan, L. M. (2012).*Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. MetroManila: Grandbooks Publishing, Inc.
38. Sunio, C.R. et al. (2024) Lawak ng Bokabularyo at Antas ng Pagunawa ng Piling Pampublikong Mag-aaral sa Filipino.EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR).
39. _Pagunawa_Ng_Piling_Pampublikong_Mag-Aaral_Sa_Filipino
40. Villafuerte, P.V. (2000). *Ang Gurong Manunulat/Ang Manunulat na Guro: Dukal ng Pagkamalikhain at Sosyo-Pulitikal sa Bansa.* Nakuha sa https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/viewFile/41/34
41. Villafuerte, P. (2000). *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc
42. Wixson, K. K., Peters, C. W., Weber, E. M., & Roeber, E. D. (1987). *New Directions in Statewide Reading Assessment.The Reading Teacher,* 40(8), 749–754. Mula sa http:// www.jstor.org/stable/20199614https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/MATATAGFILIPINO-CGGrades-4-at-7-.pdf

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved